Mensahe Apat

# Nararanasan ang Dibinong Pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng Paghinga ng Espiritu, Pag-inom ng Tubig ng Buhay, at Pagkain ng Tinapay ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Juan 20:22; 6:33, 57; 1 Cor. 10:3-4; Apoc. 2:7, 17; 3:20

**I. Ang napasukdol na Espiritu ay inihinga ng Anak sa pagkabuhay na muli bilang banal na hininga tungo sa mga disipulo—Juan 20:22:**

A. Inihahayag ng Ebanghelyo ni Juan na si Kristo ay naging laman upang maging Kordero ng Diyos at na sa pagkabuhay na muli Siya ay naging Espiritung nagbibigay-buhay; kaya, sa Kanyang pagkabuhay na muli ay inihinga Niya ang Kanyang sarili bilang napasukdol na Espiritu tungo sa mga disipulo—1:29; 20:22:

1. Ang Espiritu Santo sa 20:22 ay ang Espiritung inasahan sa 7:39 at ipinangako sa 14:16-17, 26; 15:26; at 16:7-8, 13; ipinahihiwatig nito na ang paghinga ng Panginoon ng Espiritu Santo tungo sa mga disipulo ay ang katuparan ng pangako ng isa pang Mang-aaliw.
2. Bilang Espiritu na Siya ay inihinga tungo sa Kanyang mga disipulo, na Siya ay makapamumuhay sa mga disipulo at sila ay makapamumuhay sa pamamagitan Niya at kasama Niya, at na Siya ay makapananahan sa kanila at sila ay makapananahan sa Kanya—20:22; 14:19-20; 15:4-5.
3. Sa pamamagitan ng paghinga ng Espiritu tungo sa mga disipulo, ipinamamahagi ng Panginoong Hesus ang Kanyang sarili tungo sa kanila bilang buhay at lahat-lahat.
4. Ang Espiritu Santo sa 20:22 sa katunayan ay ang nabuhay na muling Kristo Mismo, dahil ang Espiritung ito ay ang Kanyang hininga; samakatwid, ang Espiritu ay ang hininga ng Anak.

B. Ang Panginoon ay ang Espiritung nagbibigay ng buhay, at ang Espiritung ito ay ating hininga—2 Cor. 3:6, 17; Juan 20:22:

1. Ang Salita, na siyang Diyos, ay naging laman upang maging Kordero ng Diyos, at sa pagkabuhay na muli Siya ay naging banal na hininga upang maihinga natin—1:29; 20:22.
2. Ngayon, taglay natin si Kristo bilang ang Salita, ang Kordero, ang puno, at ang hininga: ang Salita ay para sa kahayagan, ang Kordero ay para sa katubusan, ang puno ay para sa pamamahagi ng buhay, at ang hininga ay para sa ating pamumuhay—1:1, 29; 10:10b; 14:19; 15:1.

C. Ang napasukdol na Espiritu bilang hininga ay lahat-lahat sa atin sa pamumuhay ng buhay-Kristiyano; tanging ang hininga ang maaaring maging Kristiyano, at tanging ang hininga, ang Espiritu, ang maaaring maging mandaraig—Gal. 3:2-3, 14; Fil. 1:19; Apoc. 2:7.

**II. Kung nais nating maranasan ang dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad, kailangan nating lahat na inumin ang parehong espiritwal na inumin, si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 10:3-4:**

A. Ang espiritwal na inumin sa 1 Corinto 10:4 ay tumutukoy sa buháy na tubig na dumaloy mula sa biniyak na bato; ang batong ito ay sumasagisag sa ipinako sa krus at nabuhay na muling Kristo, at ang tubig na ito ay sumasagisag sa Espiritu bilang nagpapaloob ng lahat na inumin—Exo. 17:6; Juan 7:37-39; 1 Cor. 12:13.

B. Ang espiritwal na inumin, ang buháy na tubig, ay ang tubig ng buhay sa pagkabuhay na muli; kapag iniinom natin ang tubig ng buhay sa pagkabuhay na muli, tayo ay nagiging mga tao sa pagkabuhay na muli at ng pagkabuhay na muli—10:4; Juan 14:20; 2 Cor. 1:9.

C. Sa pamamagitan ng pag-inom kay Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay, isinasagawa ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa atin, sapagkat sa pamamagitan ng pag-inom ay tinatanggap natin ang Panginoon, at Siya ay nagiging organikong kaisa natin upang maging ating buhay at pagkakabuo—1 Cor. 10:4; Col. 3:4, 10-11.

**III. Ang ekonomiya ng Diyos ay yaong kainin natin si Kristo bilang tinapay ng Diyos at mabuoan Niya upang maihayag Siya at maikatawan Siya—1 Tim. 1:4; Juan 6:35, 41, 57; Gen. 1:26:**

A. Ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay ang gawing katulad Niya ang tao sa buhay at kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos; tayo ay nagiging Diyos sa buhay at kalikasan sa pamamagitan ng pagkain sa Diyos bilang tinapay ng Diyos—Juan 6:33.

B. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin at palitan ang ating pagkakabuo sa pamamagitan ng pagpapalit ng ating diyeta at pagpapakain sa atin ng Kristo bilang makalangit na pagkain—Exo. 16:14-15; Juan 6:27, 32, 35.

C. Inihahayag ng Juan 6 si Kristo bilang ating tinapay—ang makalangit na tinapay, ang tinapay ng buhay, ang buháy na tinapay, ang tunay na tinapay, at ang tinapay ng Diyos—bb. 32-33, 35, 41, 48, 50-51.

D. Ninanais ng Panginoong Hesus na kainin, tunawin, at asimilahin natin Siya bilang ang tinapay ng Diyos, ang tinapay ng buhay, ang buháy na tinapay—bb. 33, 35, 51:

   1. Ang tinapay ng buhay ay ang panustos-buhay sa anyo ng pagkain—b. 35.
   2. *Ang tinapay ng buhay* ay tumutukoy sa kalikasan ng tinapay, na siyang buhay; *ang buháy na tinapay* ay tumutukoy sa kondisyon ng tinapay, na buháy—bb. 35, 51.

E. Ang ekonomiya ng Diyos ay isang bagay ng pagpasok sa atin ni Kristo sa panloob; dahil dito, kailangan nating kunin si Kristo sa pamamagitan ng pagkain sa Kanya—Efe. 3:17a; Juan 6:57:

   1. Ang talâ hinggil sa espiritwal na pagkain sa Biblia ay naghahayag na nilalayon ng Diyos na ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin sa paraan ng pagkain—b. 57; 1 Cor. 10:3; Apoc. 2:7; 22:14.
   2. Ang kumain ay ang kaugnayin ang mga bagay sa labas natin at ang tanggapin ang mga ito tungo sa atin, na may resultang ang mga ito ay maging ating pagkakabuo—Gen. 2:16-17.

3. Ang kainin ang Panginoong Hesus ay ang tanggapin Siya tungo sa atin upang maasimila Siya ng naisilang na muling bagong tao sa paraan ng buhay—Juan 6:56-57.
4. Ang pagkain ay ang paraan upang maranasan ang pamamahagi ng Diyos para sa Kanyang kahayagan at pagkatawan—Gen. 1:26; 2:9; John 6:51a, 53-57.
5. Ang pagkaing kinakain, tinutunaw, at inaasimila natin sa katunayan ay nagiging tayo; isa itong bagay ng paghahalo—1 Cor. 10:17.
6. Ang kaisahan na ninanais ng Diyos sa tao ay inilalarawan ng kung ano ang nagaganap kapag tayo ay kumakain, nagtutunaw, at nag-aasimila ng pagkain—Juan 6:57.
7. Tayo ang kung ano ang kinakain natin; kaya, kung kinakain natin si Kristo bilang tinapay ng Diyos, tayo ay magiging Diyos sa buhay at kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos.

F. Ayon sa sallita ng Panginoon sa Apocalipsis 2 at 3, ang mga mandarig ay nabawi tungo sa wastong pagkain sa Panginoon bilang kanilang panustos na pagkain; kinakain nila Siya hindi lamang bilang puno ng buhay at natatagong manna bagkus gayundin bilang isang kapistahang punô ng Kanyang kayamanan—2:7, 17; 3:20.

*© 2022 Living Stream Ministry*